

Paghawak ng Kemikal

Standard



Mga Nilalaman

1	Pasimula	3
2	Mga Kahulugan	3
3	Mga Tungkulin	4
3.1	Mga Manager/Responsableng tao.....	4
3.2	Mga indibidewal na humahawak ng mga kemikal	4
4	Mga Kinakailangan	4
4.1	Mga pangkalahatang kinakailangan	4
4.2	Safety Data Sheets	5
4.3	Pagmamarka at pag-label	5
4.4	Mga maaaring umapoy at/o sumabog na materyales	5
5	Kahusayan ng kalusugan at pagtugon	6
6	Pagtatasa sa panganib at pagpapalano.....	6
7	Pagmomonitor at pagsusuri	6
8	Mga Sanggunian	6
9	Pagbabago sa impormasyon.....	6

© Ericsson AB 2021

Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang impormasyon na nasa dokumentong ito ay pag-aari ng Ericsson at napapailalim sa pagbabago nang walang abiso. Walang inaaakong responsibilidad ang Ericsson para sa mga katumpakan ng o pagkakamali sa mga impormasyon.



1 Pasimula

Inilalarawan ng pamantayang ito ang mga hakbang na siyang gagawin upang bigyang-daan ang panghawak ng mga kemikal nang ligtas at mabuti sa kapaligiran, habang nagtatrbaho sa ngalan ng Ericsson. Kasama rito ang mga sumusunod:

- Paliitin ang mga panganib sa paghawak ng mga kemikal, kung saan posible, sa pamamagitan ng pagpili sa pinakaligtas na alternatibo na maaari.
- Tiyakin na ginawa ang mga probisyon para protektahan ang mga taong humahawak ng mga kemikal mula sa mga panganib, gayon rin upang protektahan ang kapaligiran.
- Tiyakin nakatutupad ang ginawang mga probisyon sa lokal na legal na naaangkop na batas para sa paghawak ng kemikal.
- Tiyakin na natukoy, natasa, at epektibong napamahalaan ang mga panganib (hal., mga panganib, pagkalantad) na nauugnay sa pagtatrabaho sa mga kemikal bilang bahagi ng Pagtatasa sa Panganib.
- Magtatag ng mga pagsasaayos para sa isyu, paggamit at pagtatago ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE).
- Magtatag ng mga pagsasaayos para sa isyu, paggamit at pagtatago ng pamprotektang kagamitan para sa kapaligiran.

Malalapat ang lokal na kinakailangan ng batas kapag lampas sa tagubiling ito ang mga lokal na kinakailangan ng batas. Nalalapat ito sa mga life stage ng paggamit ng kemikal, hal., paggamit, pagtatago at paghahatid ng mga kemikal. Ang pangangasiwa sa basura na mula sa mga kemikal ay dapat klasipikahin bilang mapanganib na basura at hindi sinasaklaw sa tagubiling ito.

2 Mga Kahulugan

“Paghawak ng kemikal” kabilang ang paggamit, pagtatago, at paghahatid ng mga kemikal.

“Lokal na Pangkaligtasang Tagubilin” ibig sabihin na pangkaligtasang tagubilin na ginawa mula sa lokal batay sa impormasyon mula sa Safety Data Sheet at mga kondisyon ng lokal.

“Safety Data Sheet” ibig sabihin impormasyon ng nagmanupaktura para sa komersyal na mga paggamit tungkol sa mga panganib na nauugnay sa partikular na kemikal at mga pangkaligtasang pag-iingat na dapat sundin para sa ligtas na paggamit. Maaaring iba-iba ang eksaktong format ng Safety Data Sheet (SDS) depende sa mga lokal na regulasyon.



3 Mga Tungkulin

3.1 Mga Manager/Responsableng tao

Kinabibilangan ng manager/responsableng tao na magtitiyak sa:

- dapat angkop na nabigyan ng pagsanay ang mga empleyadong nagtatrabaho sa mga kemikal at gumagamit ng nauugnay na Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE),
- hindi dapat isama mula sa pagtatrabaho ang mga empleyadong mayroong medikal na mga kondisyon na maaaring lumalala sa paggamit sa ilang tiyak na kemikal, pati na sa mga nabanggit na kemikal, at
- hindi dapat malantad sa mga kemikal ang mga empleyadong naggadalang-tao.

3.2 Mga indibidewal na humahawak ng mga kemikal

Dapat ipaalam ng mga empleyado sa kanilang employer ang kanilang mga kondisyon ng kalusugan (o kung naggadalang-tao) na maaaring maapektuhan ng mga kemikal.

Dapat gumamit ng naaangkop na PPE ang sinumang humahawal ng mga kemikal, kapag iniutos ito ng Safety Data Sheet at ipinakahulugan bilang mitigation na pag-aksyon sa risk analysis.

4 Mga Kinakailangan

4.1 Mga pangkalahatang kinakailangan

Nalalapat ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Dapat italaga ang isang Chemical Administrator sa lugar ng trabaho at mayroong mga sumusunod na tungkulin:
 - pamamahala sa lugar na taguan ng kemikal,
 - pagmimintina sa mga listahan ng kemikal,
 - pagsasagawa ng mga rutinang pag-inspeksyon, at
 - pagsasanay sa mga user ng kemikal.
- Dapat isagawa ang lokal na pagtasa sa panganib, mayroong plano para sa mitigasyon/treatment, at nauunay na mga hakbang sa pagkontrol na nalalapat bago ang paggamit ng kemikal.
- Dapat sundin ang mga paghihigpit sa substance: [Mga Listahan ng Banned at Pinaghihigpitang Substance ng Ericson.](#)
- Dapat angkop na nabigyan ng pagsanay ang mga empleyadong nagtatrabaho sa mga kemikal at gumagamit ng nauugnay na [Personal na Pamprotektang Kagamitan](#) (PPE).



- Ang lahat ng kemikal ay
 - ililista,
 - imonitor at kontrolin (kasama na kung saan sila ginamit.),
 - itatago sa walang pinsala, minarkahan, at naaangkop na saradong mga container, at
 - itatago, gagamitin at itatapon alinsunod sa naaangkop na batas at sa Safety Data Sheet nito.

May makukuhang mga rekord ng kemikal kapag hiniling.

4.2 Safety Data Sheets

“**Safety Data Sheet**” ibig sabihin impormasyon ng nagmanupaktura para sa komersyal na mga paggamit tungkol sa mga panganib na nauugnay sa partikular na kemikal at mga pangkaligtasang pag-iingat na dapat sundin para sa ligtas na paggamit. Maaaring iba-iba ang eksaktong format ng Safety Data Sheet depende sa mga lokal na regulasyon.

Dapat sundun ng mga user ng kemikal ang impormasyon at mga tagubilin na nakapaloob sa Safety Data Sheets.

Dapat isama sa SDS, bilang minimum, ang impormasyon tungkol sa mga property ng bawat kemikal, ang mga panganib sa pisikal, kalusugan at kapaligiran; mga pamprotektang hakbang; at mga pangligtasang pag-iingat para sa paghawak, pagtatago, at paghahatid ng kemika.

Ang Safety Data Sheet ay dapat na:

- nasa lokal na wika,
- makukuha kaagad kung saan ginagamit at itinatago ang mga kemikal,
- makukuha kaaga, bilang ika-2 set, sakaling may emergency, at
- panatilihin bago.

4.3 Pagmamarka at pag-label

Dapat laging wastong namarkahan at nalagyan ng label ang mga kemikal na may pangalan ng kemikal at mga simbolo ng panganib, pati na kapag inilipat sa mas maliliit na container.

4.4 Mga maaaring umapoy at/o sumabog na materyales

Ang paghawak sa mga mapanganib, maaaring umapoy at/o sumabog na materyales ay dapat lamang gawin matapos ang komprehensibong lokal na pagtatasa sa panganib at maipatupad ang mga hakbang ng pagkontrol alinsunod sa [Pag-iwas sa Sunog](#).



5 **Kahusayan ng kalusugan at pagtugon**

Dapat bahagi ng lokal na pagtatasa sa panganib ang kondisyon ng kalusugan ng empleyado, kung saan legal na pinahihintulutan.

Dapat ipaalam ng mga empleyado sa kanyang employer ang nalalamang sakit, pisikal o kung hindi man, iba pa na maaaring negatibong makaapekto sa kanyang sarili o sa katrabaho habang nasa trabaho. Kung ang isang empleyado ay mayroong kilalang mga medikal na kondisyon na maaaring lumalala sa paggamit ng ilang kemikal, dapat niya itong sabihin sa kanyang line manager.

6 **Pagtatasa sa panganib at pagpaplano**

Dapat gawin ang lokal na pagtatasa sa panganib ng paggamit ng kemikal bago ang paggamit. Dapat kasama sa gayong pagtatasa ang ebalwasyon ng pangangailangan para sa pagsasanay, kondisyon sa kalusugan ng empleyado (kung saan pinahihintulutan), pangangailagan ng PPE, iba pang hakbang sa pagkontrol kasama na ang mga nabanggit sa Safety Data Sheet at ang posibleng paggamit ng mas hindi gaanong mapanganib na mga kahalili.

Dapat ulitin ang lokal na pagtatasa sa panganib kung nagbago ang mga kondisyon ng paggamit. Maaaring ito ay pagbabago sa tauhan, bagong impormasyon sa panganib, tumaas na pagkalantad sa pamamagitan ng tumaas na paggamit o iba pang mahahalagang pagbabago sa proseso ng pagtatrabaho o kapaligiran.

7 **Pagmomonitor at pagsusuri**

Dapat gawin ang taon-taong pagtatasa sa paggamit ng kemikal upang matasa ang posibilidad ng pagpapalit sa mas hindi gaanong mapanganib na mga alternatibo.

Ang pagtupad sa pamantayang ito ay imomonitor sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtatago ng mga rekord ng:

- Mga Istadistika ng Pangyayari;
- Bilang at uri ng mga kemikal na ginagamit sa anumang lugar ng trabaho; at
- Pagsasanay para sa bawat empleyado at sa bawat kemikal.

8 **Mga Sanggunian**

Mga Listahan ng Banned at Pinaghihigpitang Substance ng Ericson

9 **Pagbabago sa impormasyon**

Buod ng mga pagbabago simula noong huling nirebisa:



- 1 Na-update na panimula
- 2 Nagdagdag ng mga talatang Mga Kahulugan at Tungkulin
- 3 Nagdagdag ng Chemical Administrator sa Lugar ng Trabaho at mga tungkulin sa mga Kinakailangan
- 4 Paglilinaw sa talatang Safety Data Sheet
- 5 Nagdagdag ng Kahusayan ng kalusugan at pagtugon